

# Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

Bagamat ang mga kinakailangan ukol sa nagpapadalang organisasyon ay itinakda ng batas sa kanilang bansa, upang maisagawa nang mas maayos ang kanilang tungkulin, mayroon ding mga nagpapadalang organisasyon na gumagawa ng advanced effort upang makapagpadala ng mga kandidatong teknikal intern trainee na highly motivated. Sa pagkakataong ito, ang Organisasyon para sa Teknikal Intern Training (OTIT) ay nagbuod ng mga punto para sa pagtukoy ng mga nagpapadalang organisasyon na gumagawa ng mga advanced effort, pati na rin ang mga halimbawa ng aktwal na pagsisikap at mga kinakailangan ng nagpapadalang organisasyon. Mangyaring gamitin ito.


Inirerekomenda rin na magpalitan ng mga impormasyon ang mga nangangasiwang organisasyon tungkol sa mga halimbawa ng mga mahusay na nagpapadalang organisasyon.

## ☉ Mga punto at kinakailangan sa Nagpapadalang Organisasyon

### 1. Nakatanggap ng rekomendasyon mula sa isang Nangangasiwang Organisasyon o isang pampublikong institusyon

[Kung ang bansang nagpapadala ay gumawa ng MOC (bilateral agreement)], naka-publish ba sa homepage ng OTIT bilang [Nagpapadalang Organisasyon na aprubado?](#)

I-access dito



✓ Tingnan sa website ng OTIT ang listahan ng mga nagpapadalang organisasyon na inaprubahan ng pamahalaan sa kanilang bansa.

[Kung ang bansang nagpapadala ay isang bansang hindi nakagawa ng MOC] Mayroon ka bang sulat ng rekomendasyon mula sa isang pampublikong institusyon sa iyong bansa o rehiyon?

✓ Hilingin sa taong namamahala sa nagpapadalang organisasyon, at kumpirmahin ang kopya.

### 2. Maayos na pumipili at nagpapadala ng mga tao na nauunawaan ang layunin ng programa

Anong uri ng paraan at proseso ng recruitment ang ginagamit ng nagpapadalang organisasyon para sa mga alok na trabaho na natatanggap nito?

✓ Suriin ang mga recruitment advertisement na nai-post ng nagpapadalang organisasyon sa SNS (Facebook, TikTok, Zalo, atbp.) at sa website nito, at kumpirmahin kung ang mga detalye ng trabaho, suweldo, at proseso hanggang sa pagsisimula ng technical training ay naipaliwanag nang maayos.

✓ Kumpirmahin din ng direkta sa nagpapadalang organisasyon

“Nagpapadalang organisasyon”

search

## Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

- Paano ipinapaliwanag ng mga nagpapadalang organisasyon ang layunin ng Technical Intern Training Program (TITP) kapag sila ay nagre-recruit?
- Kapag nagre-recruit, paano sinisigurado ng mga nagpapadalang organisasyon ang mga kandidatong teknikal intern na may mataas na motibasyon na magpakita ng mga resulta pagkatapos bumalik sa sariling bansa?
- Paano ipinapaliwanag ng nagpapadalang organisasyon ang mga kundisyon sa trabaho (lugar ng trabaho, oras ng trabaho, sahod (kabilang na ang mga bawas para sa mga buwis at social insurance), nilalaman ng trabaho, buhay sa Japan, atbp.) at mga panganib na idudulot kung tatakas?
- Lubos bang nauunawaan ng kandidatong teknikal intern trainee ang mga nilalaman ng mga nabanggit sa itaas?
  - ✓ Pakinggan natin mismo ang mga paliwanag na ibinibigay ng mga nagpapadalang organisasyon sa mga kandidatong teknikal intern.
  - ✓ Siguraduhin kung lubos na nauunawaan ng mismong kandidato na teknikal intern ang layunin ng TITP.
  - ✓ Kumpirmahin natin kung ang mismong kandidato na teknikal intern ay gumawa ng career plan pagkatapos bumalik sa sariling bansa.
  - ✓ Siguraduhin na ang kandidatong teknikal intern mismo ay ganap na nauunawaan ang mga kondisyon sa trabaho at ang panganib ng pagtakas o pagkawala.
- Paano ginagawa ang matching at pagbibigay ng impormasyon sa trabaho ng mga nagpapadalang organisasyon sa mga kandidatong teknikal intern?
  - ✓ Tinatanggap ba agad ng nagpapadalang organisasyon ang nilalaman ng technical training, anuman ang kategorya ng trabaho, uri ng trabaho, o sahod? Suriin natin kung seryoso ba silang nag-iisip tungkol sa matching ng kandidatong teknikal intern trainee at kumpanyang magpapatupad ng pagsasanay.

## Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

- Ang mga kandidato ba na teknikal intern trainee ay pinipili sa isang paraan na madadagdagan ang papasanin nilang gastos tulad ng panghihimasok ng isang salbaheng broker?
- ✓ Tanungin ang nagpapadalang organisasyon kung ang mga broker ba ay nangongolekta ng malaking halaga mula sa mga teknikal intern trainee kapag kumukuha ng mga teknikal intern trainee? At kumpirmahin kung may salbaheng broker na nanghihimasok.
- ✓ Tanungin ang mga kandidatong teknikal intern kung gumamit sila ng broker at nagbayad ng malaking halagang pera noong nagparehistro sila sa nagpapadalang organisasyon, at kumpirmahin kung walang malisyosong panghihimasok ng broker.

(reference)

Sa MOC sa pagitan ng Japan at ng gobyerno ng Vietnam, ipinagbabawal ang pagpapahintulot ng mga nagpapadalang organisasyon sa mga panghihimasok ng broker.

### Halimbawa ng effort na ginagawa ng nagpapadalang organisasyon

[Hal. 1 ]

Ang mga recruitment briefing ay ginaganap linggu-linggo, at may itinalagang tagapayo sa lahat ng kalahok. Matapos mawala ang anumang pagdududa ng mga kalahok, hinihiling na magpa-rehistro sila nang kusang-loob. Bilang karagdagan, kapag nagre-recruit ng mga kandidatong teknikal intern trainee, ang mga nagpapadalang organisasyon ay nagtatag ng kanilang sariling patakaran tulad ng sumusunod, at ang mga sumasang-ayon lamang sa patakaran na iyon ang pipiliin.

#### Sariling intermediation policy ng nagpapadalang organisasyon

Ang pag-aaral ng wikang Hapon, pag-aaral ng business manner, career plan, atbp. ay isasagawa nang humigit-kumulang sa isang taon sa preparatory institution (\*), at sa panahong iyon, isasagawa ang matching sa mga naaangkop na magpapatupad ng pagsasanay.

## Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

### Halimbawa ng effort na ginagawa ng nagpapadalang organisasyon

[Hal. 2 ]

Ka-partner namin ang vocational training school ng bansang nagpapadala bilang isang preparatory institution (\*). Bilang dagdag sa curriculum ng training school na ito na dine-develop base sa kwalipikasyong teknikal ng Japanese, gumagawa rin ang nagpapadalang organisasyon ng e-learning texts at video batay sa parehong kwalipikasyon, at ibinibigay sa mga estudyante ng training school na ito bilang teaching material sa pag self-study. Sa madaling salita, ang mga kandidatong teknikal intern trainee ay pinipili mula sa mga may matinding interes sa Japan at nais na higit pang makuha ang kaalaman at skill ng Japan na kanilang natutunan sa training school.

\*Preparatory institution :Tumutukoy sa isang dayuhang organisasyon na kabilang sa paghahanda ng mga prospective na teknikal intern trainee. Kabilang dito ang mga korporasyon na nagpapatakbo ng mga eskwelahan sa wikang Hapon, at ang mga nagsasagawa ng proxy procedure para sa pagkuha ng mga pasaporte at visa.

[Hal. 3 ]

Pangkaraniwan na pumupunta ang nangangasiwang organisasyon upang mag-interview ng mga kandidatong teknikal intern trainee, at may mga kaso rin na ang mismong nagpapatupad ng pagsasanay ang pumupunta sa nagpapadalang bansa at pumipili. Bilang resulta, ang nagpapatupad ng pagsasanay sa teknikal intern ay malalaman at makikilala ang mga indibidwal na kalagayan ng mga kandidatong teknikal intern trainee, tulad ng kanilang mga personalidad at libangan, at maaaring mamili batay sa impormasyong iyon. At dahil sa “pinili ng nagpapatupad ng pagsasanay” at “napili ang kandidatong teknikal intern trainee”, nagkakaroon sila pareho ng sense of responsibility bago pa man pumasok sa Japan at nakakabuo ng isang relasyon ng pagtitiwala. Bilang karagdagan, ang nagpapatupad ng pagsasanay ay may panayam sa pamilya ng kandidatong teknikal intern trainee bago magpasyang tanggapin ang teknikal intern trainee. Ang mga pamilya ng mga kandidatong teknikal intern trainee ay magkakaroon ng kapayapaan sa isip sa pamamagitan ng pakikipagkita sa nagpapatupad ng pagsasanay. At dahil dito mababawasan ang mga problema tulad ng pagtakas ng teknikal intern trainee.

[Hal. 4 ]

Sa pamamagitan ng paggamit ng maraming vocational training school bilang isang preparatory institution sa ilalim ng hurisdiksyon ng nagpapadalang gobyerno , at direktang pagpili mula sa mga nagtapos sa mga eskwelahang ito, napipigilan ang panghihimasok ng broker at ang palsipikasyon ng mga work at education history.

## Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

**3. Malinaw na tukuyin at i-publish ang mga pamantayan sa pagkalkula para sa mga bayarin at iba pang gastos na kokolektahin mula sa mga kandidatong technical intern trainee, at tiyakin na lubos na nauunawaan ito ng mga teknikal intern trainee.**

Ano ang mga pamantayan para sa pagkalkula ng mga gastos? Mayroon bang hindi malinaw sa detalyeng nilalaman?

✓ Kung mayroong anumang hindi malinaw tungkol sa pamantayan sa pagkalkula o bagay na babayaran, humingi ng paliwanag sa nagpapadalang organisasyon.

Paano isinasapubliko ng mga nagpapadalang organisasyon ang kanilang mga pamantayan sa pagkalkula ng gastos, at paano nila ipinapaintindi sa mga teknikal intern trainee?

✓ Suriin ang paraan at ang nilalaman ng publikasyon ng nagpapadalang organisasyon. (Paghahatid ng mga dokumento, paglalarawan sa mga pamphlet sa pagre-recruit, pag-post sa Internet, atbp.)

\* Epektibo rin ang paggamit ng awtomatikong translation function ng iyong browser upang suriin ang website sa mga wika ng bawat bansa.

✓ Tanungin ang mga teknikal na intern trainee kung mayroon silang komunikasyon sa nagpapadalang organisasyon tungkol sa mga gastos.

Nangongolekta ba ng service fee mula sa Vietnamese technical intern trainees na lumilipat sa "Technical Intern Training No. 3 (b)" (Kung walang pagbabago sa nagpapadalang organisasyon at nangangasiwang organisasyon)

✓ Kapag lilipat sa Technical Intern Training No. 3(b), tiyaking tanungin ang mga Vietnamese technical intern trainees kung siningil sila ng service fee ng nagpapadalang organisasyon.

(reference)

Ayon sa mga regulasyon ng gobyerno ng Vietnam, kapag lilipat mula sa Technical Intern Training No. 2 patungo sa No. 3 sa supervising-organization-type technical intern training, kung hindi naman magbabago ang nangangasiwang organisasyon at nagpapadalang organisasyon, ang nagpapadalang organisasyon ay hindi maaaring mangolekta ng service fee mula sa mga teknikal intern trainee.

# Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

## Halimbawa ng effort na ginagawa ng nagpapadalang organisasyon

[Hal. 1 ]

Bago pumasa sa recruitment interview, ang lahat ng mga gastos maliban sa mga gastos sa pagkain ay libre, at sinisikap na mabawasan ang pasanin sa gastos ng mga kandidatong teknikal intern. Higit pa rito, tulad ng ipinapakita sa ibaba, ang kumpanya ay nag-publish ng mga bayarin at iba pang mga gastos, kabilang na ang breakdown, sa sarili nitong website upang matiyak ang transparency.

Sundin ang mga legal na bayarin. Lubusang alisin ang napakalaking halaga ng departure fees na ibinabalita sa Japan. Walang pagkakaiba sa gastos depende sa uri ng trabaho

### < Departure fee setting ng aming kumpanya >

PHP ( yen)

- ◆ Service fee (komisyon) : PHP( yen)
- ◆ Gastusin sa edukasyon at sa pamumuhay : PHP( yen)
- ◆ Mga gastos sa paggamit, pamamahala, at pag-repair ng pasilidad : PHP( yen)

Pareho lamang anuman ang panahon mula sa pagpasa sa recruitment interview hanggang sa pag-alis ng bansa. Sa madaling salita, pumunta man sa Japan sa loob ng 4 na buwan, pumunta sa Japan sa loob ng kalahating taon, o pumunta sa Japan sa loob ng isang taon, pareho ang halaga.

#### 【Remarks】

- ◇ Ang mga gastos sa itaas ay sasagutin ng mga teknikal intern trainee para sa tatlong taong trabaho.
- ◇ Ang kabuuang halaga na babayaran ay pareho anuman ang trabaho, kasarian, edad, o panahon ng pagpapatala.
- ◇ Kasama sa mga gastusin sa edukasyon at pamumuhay ang mga bayarin sa paaralan, mga bayad sa dormitoryo, mga kagamitan, mga bayad sa uniporme, mga bayarin sa aklat-aralin (Minna no Nihongo, original textbook), mga pagsusuri sa kalusugan bago umalis, mga bayarin sa aplikasyon ng visa, atbp.
- ◇ Mga gastos sa paggamit, pamamahala, at pag-repair ng pasilidad : Ito ang halaga ng paggamit, pagpapanatili, at pag-aayos ng mga kagamitan tulad ng mga air conditioner, kusina, refrigerator, at washing machine.
- ◇ 1JPY=0.45PHP

(Ang mga halaga ay nakatago)

**4. Matapos bumalik ang mga teknikal intern trainee sa kanilang sariling bansa, magbibigay ng suporta tulad ng paghahanap ng trabaho upang magamit nila nang naaangkop ang mga kasanayang nakuha.**

Nagbibigay ba ng career counseling sa mga teknikal intern trainee bago sila bumalik sa kanilang sariling bansa?

✓ Suriin natin ang mga konsultasyon na natanggap ng nagpapadalang organisasyon mula sa mga dating teknikal intern trainee at ang mga tugon sa kanila.

## Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

- Ano ang mga resulta ng mediation sa trabaho, kasalukuyang mga oportunidad sa trabaho, at iba pang mga paraan ng suporta pagkabalik ng mga teknikal intern trainee sa kanilang sariling bansa?

### Halimbawa ng effort na ginagawa ng nagpapadalang organisasyon

[Hal. 1 ]

Bilang karagdagan sa pagsasagawa ng online interview sa mga teknikal intern trainee bago bumalik sa kanilang sariling bansa, nakikipag-ugnayan at tumatanggap kami ng mga konsultasyon ukol sa mga patutunguhang career ng teknikal intern trainee pagkatapos bumalik sa kanilang sariling bansa. Ipinapakilala ang mga job-hunting support courses na ino-offer ng mga grupong kumpanya sa layunin na tumutugon sa kagustuhan ng mga teknikal intern trainee.

[Hal. 2 ]

Sinusuportahan namin ang mga teknikal intern trainee na gustong magbukas ng kanilang sariling negosyo sa pamamagitan ng paggamit ng mga kakayahan, kaalaman, at kasanayang nakuha sa pamamagitan ng training sa Japan. Halimbawa, para sa mga teknikal intern trainee na gustong magbukas ng independiyenteng pabrika ng maintenance ng sasakyan, ang grupong kumpanya ng nagpapadalang organisasyon tulad ng financing para sa start-up, automobile leasing, automobile insurance, atbp. ay magtutulungan para matupad ang mga pangarap ng teknikal intern pagkatapos bumalik sa kanilang bansa.

**5. Makipagtulungan sa mga isinasagawang survey ng Japanese side ukol sa status ng paglilipat ng skills, atbp. ng mga teknikal intern trainee na nakabalik na sa sariling bansa at tumugon din sa mga kahilingan mula sa Japanese side.**

**6. Ang nagpapadalang organisasyon o opisyal nito ay hindi dapat isang tao na nasentensiyahan ng pagkakulong o ng mas mabigat na parusa, at hindi pa lumilipas ang limang taon mula noong petsa kung kailan natapos ang sentensiya o sumailalim sa sentensiya.**

**7. Magsagawa ng negosyo alinsunod sa mga batas at regulasyon ng nagpapadalang bansa**

- ✓ Mangolekta ng impormasyon sa mga nauugnay na batas at regulasyon sa Japan at tiyaking naiintindihan ang mga ito.

## Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

### 8. Ang nagpapadalang organisasyon o ang mga opisyal nito ay hindi nakagawa ng alinman sa mga sumusunod na bagay sa loob ng nakaraang limang taon.

- Mga gawain sa pamamahala ng pera at iba pang ari-arian ng mga teknikal intern trainee at mga taong nauugnay sa mga teknikal intern trainee (\*) sa pamamagitan ng pagkolekta ng mga security deposit, atbp.
- Ang paggawa ng kontrata para magbayad ng pera o iba pang ari-arian kung sakaling hindi matupad ang kontrata na nauukol sa technical intern training.
- Mga gawaing lumalabag sa karapatang pantao ng mga technical intern trainees, atbp.
- Mga gawain tulad ng palsipikasyon ng mga dokumento na nauugnay sa technical intern training para sa layunin ng pagkuha ng permit na ipatupad ang pagsasanay sa teknikal intern, atbp.

\* Mga taong nauugnay sa mga teknikal intern trainee: mga teknikal intern trainee o ang kanilang asawa, direct lineal o mga kasamang kamag-anak, at iba pa na may malapit na social relationship sa mga teknikal intern trainee.

- (Kumpirmahin ang aktwal na kontrata sa mga teknikal intern trainee, atbp.) Mayroon bang anumang mga sugnay na hindi makabubuti sa mga teknikal intern trainee, atbp.?
- Ipinakukumpirma at ipinapaunawa ba ang nilalaman ng mga dokumentong inihanda ng nagpapadalang organisasyon, tulad ng resume ng teknikal intern trainee, bago ito ipapirma sa kanila?

- ✓ Suriin natin ang proseso ng paghahanda ng dokumento ng nagpapadalang organisasyon.
- ✓ Kumpirmahin sa mga teknikal intern trainee kung nakatanggap sila ng sapat na mga paliwanag mula sa nagpapadalang organisasyon tungkol sa mga dokumentong inihanda ng nagpapadalang organisasyon, at kung naunawaan nila ang mga nilalaman bago nila pirmahan ang dokumento.

\* Dagdag dito, kapag ang nangangasiwang organisasyon ay nakipag-kontrata sa nagpapadalang organisasyon upang makakuha ng unfair profits tulad ng kickback o penalty kung sakaling hindi matapos ang kontrata, ang permit ng nangangasiwang organisasyon ay babawiin.



## Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

9. Kumpirmahin sa mga teknikal intern trainee kung may pera at iba pang mga ari-arian na pinamamahalaan bilang security deposit, atbp. na may kaugnayan sa technical intern training, at kung walang kasunduan sa pagbabayad ng pera at iba pang mga ari-arian kung sakaling hindi matupad ang kontrata.

- ✓ Suriin natin kung ang mga nakalagay ba sa itaas ay ginagawa ng nagpapadalang organisasyon sa teknikal intern trainee

10. Bilang karagdagan, ang pagkakaroon ng mga kinakailangang kasanayan upang maihatid nang naaangkop ang mga aplikasyon ng technical intern training sa mga nangangasiwang organisasyon

Naaangkop ba ang nilalaman ng pre-arrival education na ibinigay ng nagpapadalang organisasyon?

- ✓ Kumpirmahin ang mga sumusunod na punto sa nagpapadalang organisasyon.
  - Sa partikular, paano nagsasagawa ng pre-arrival education?
  - Ano ang curriculum ng pre-entry education?
  - Ano ang ginagawa para maging mas epektibo ang edukasyon?
  - Hanggang anong level ng Japanese ang maaaring matutunan?
  - Mayroon bang mga kwalipikadong Japanese teachers?
  - Nagbibigay ba ng accurate information tungkol sa Japanese language proficiency ng mga taong ipinadala?
  - Naaayon ba ang mga gastos sa nilalaman ng edukasyon?

\* Ang mga teknikal intern trainee na nakatanggap ng edukasyon sa nagpapadalang organisasyon na may malawak na pre-arrival education ay makakapagsimula nang maayos ng technical intern training dahil mababawasan ng kaunti ang agwat sa kultura at wika pagkatapos makapasok sa Japan.

## Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

- Maayos bang sinusupportahan ang mga teknikal intern trainee sa panahon ng kanilang technical intern training?
  - ✓ Sa pakikipagtulungan sa nangangasiwang organisasyon, kumpirmahin kung mayroong isang sistema upang agad na makatugon sa mga katanungan mula sa mga teknikal intern trainee.
  - ✓ Tiyaking nakagawa ng isang sistema para sa pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap sa nangangasiwang organisasyon kapag may problema sa teknikal intern trainee.
- \* Kung ang nagpapadalang organisasyon ay may mga kinatawan ba sa Japan, tulad ng isang representative office o sangay na tanggapan sa Japan, na posible na regular o madaling bisitahin ang mga teknikal intern trainee kung sakaling magkaroon ng problema.

### Halimbawa ng effort na ginagawa ng nagpapadalang organisasyon

[Hal. 1 ]

Sa pre-arrival education, career planning education, paggamit ng aktwal na impormasyon sa trabaho sa nagpadalang bansa, hinihiling namin sa kanila na maunawaan na may mga pagkakaiba sa mga option sa trabaho depende sa antas ng Japanese Language Proficiency Test na nakuha sa oras ng pagbalik sa Japan, at na ang mga prospect ng kita pagkatapos bumalik sa sariling bansa (hanggang sa edad ng pagreretiro) ay mag-iiba depende sa kaalaman sa wikang Hapon. Bilang resulta ng career plan education na ito, ang rate ng pagkuha ng Japanese Language Proficiency Test pagkatapos makapasok sa Japan ay bumuti, at ilang mga teknikal intern trainee ay nakapasa sa N3 sa loob ng kalahating taon pagkapasok sa Japan.

At bilang parte ng pre-arrival education, nagsasagawa rin kami ng case studies na mahihiyakat ang mga kandidatong teknikal intern na mag-isip nang nag-iisa batay sa aktwal na mga halimbawa upang maiwasan nang maaga ang mga problema.

Halimbawa, para sa mga kandidatong teknikal intern trainee na nakatakdang sumali sa praktikal na pagsasanay sa industriya ng paggawa ng pagkain, itinuturo naming nakung magsusuot sila ng mga accessories sa lugar ng trabaho, may mga posibilidad ng kontaminasyon at iba pa, at ang risk kung hindi susundin ang rules sa lugar ng trabaho.

[Hal. 2 ]

Ginawang mga lecturer ang mga teknikal intern trainee na nakabalik na sa sariling bansa , at magbigay ng halimbawa sa mga teknikal intern na papunta pa lamang sa Japan ukol sa mga kasanayang teknikal na natutunan sa training site. Sa pagbibigay ng patnubay sa kasanayan sa agrikultura sa experimental farms, atbp. , nakapagbibigay ng mga paraan upang maayos na simulan ang Japanese-style agricultural training pagkarating sa Japan. Dagdag pa rito, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga klase sa wikang Hapon sa loob ng hindi bababa sa anim na buwan, nagagawa naming mapapunta sa Japan ang may mga antas na N4 at N5.

# Mga punto sa pagpili ng Nagpapadalang Organisasyon

## Halimbawa ng effort na ginagawa ng nagpapadalang organisasyon

[Hal. 3]

Isang sistema ng komunikasyon ang inilagay upang ang mga teknikal intern trainee ay maaaring makipag-ugnayan sa mga tagapayo at tauhan ng opisina sa Japan ng nagpapadalang organisasyon. Bago pa man pumasok sa Japan, mulat kami sa paglikha ng close ties at pagbuo ng trusting relationships sa pagitan ng mga teknikal intern trainee, staff ng nagpapadalang organisasyon, at opisina sa Japan ng nagpapadalang organisasyon. Sa pamamagitan nito, bago pa man pumasok sa Japan, posible na lumikha ng kapaligiran at sistema na maaaring makipag-ugnayan sa mga tauhan ng nagpapadalang organisasyon hindi lamang bilang business contact kundi pati na rin sa mga pang-araw-araw na kaganapan. Nagbibigay ito ng environment na madaling ipahayag ng mga teknikal intern trainee ang kanilang tunay na nararamdaman at kumonsulta sa mga tauhan ng nagpapadalang organisasyon habang maliit pa lamang ang problema at maiwasan ang biglaang paglaki ng problema. Bilang karagdagan, sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga ugali at mga katangiang personalidad ng mga teknikal intern trainee mula sa kanilang pagsasanay sa nagpapadalang organisasyon, posible na maiparating at maunawaan ng nagpapatupad ng organisasyon ng maaga ang kanilang mga katangian. Sinusubukan na makilala ang mga trainee at mabigyan sila ng gabay sa trabaho na mas naayon sa kanilang personalidad. Bilang karagdagan, kapag may problema sa mga teknikal intern trainee, indibidwal nilang tinutugunan at sinusupportahan ang mga ito.

Kapag ang teknikal intern trainees ay na-ospital, ang Japanese office ng nagpapadalang organisasyon ay bumibisita sa ospital, at kinokontak nila ang pamilya ng trainee, at nirereport hospitalization status kung kinakailangan. Sinusubukan namin alisin ang anxiety ng teknikal intern trainee at ng kanilang pamilya.

[ Hal 4 ]

Sinusubaybayan ng Japan office ng nagpapadalang organisasyon ang lahat ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga teknikal intern trainee, mga pamilya nila, mga nagpapatupad ng pagsasanay, at mga nangangasiwang organisasyon, at bumuo ng isang sistema na nagpapahintulot sa kanila na makipag-ugnayan sa kanila anumang oras. Pinananatili ang malapit na komunikasyon sa pamilya ng mga teknikal intern trainee, tulad ng pagkakaroon ng face-to-face meeting bago umalis ang mga trainee patungo sa Japan. Sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnayan sa mga teknikal intern trainee kapag sila ay malamang na makaramdam ng pagkabalisa, tulad ng time na kararating lamang sa Japan, kakasimula o katatapos pa lamang ng training, at bago mag-exam, mararamdaman ng mga teknikal intern trainee na hindi sila nag-iisa. Ito ay ginawa upang sila ay makapagtrabaho nang may kapayapaan ng isip at makapag-focus sa training. Gayundin, kung sakaling magkaroon ng sakuna, ang mga empleyadong Hapon na nakakapagsalita ng katutubong wika ng nagpapadalang bansa ay nagbibigay ng wastong impormasyon.

< Follow-up system kung sakaling magkaroon ng sakuna >

- ① Pagkumpirma sa kaligtasan ng mga teknikal intern trainee
- ② Pagbabahagi ng impormasyon sa internal SNS ng nagpapadalang organisasyon
- ③ Iulat ang kaligtasan ng mga teknikal intern trainee sa kanilang pamilya